# THIRD PERIODICAL EXAMINATION

School Year 2021-2022

**Pangalan:** ________________________________________________ **Score:** _____________

**Guro:** **Neslyn D.B Perez** **Grade 4 -** ___________

**I. Punan ang patlang ng tamang sagot. Piliin ang tamang sagot sa kahon na nasa ibaba.**

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| subalit | kaya | dahil | bagama't | habang | kapag | para |
| upang | samantalang | o | at | kasi | kung | ngunit |
| at | nang | kahit | hanggang | bago | sapagkat | |

1. Sa panahon ng krisis, tumataas ang presyo ng mga bilihin _______________ ang bayad sa kuryente.

2. Hindi ako nakatulog kagabi ________________ masyadong maingay ang aking kapitbahay.

3. Magsasanay ako tuwing hapon ______________ gumaling ako sa pagtugtog ng piyano.

4. Mahimbing pa rin ang tulog ni Juan __________________ napakalakas ng tilaok ng mga manok sa kanyang bakuran.

5. Pagod na si Carlo _______________ hindi siya makatulog.

6. Si Patrick ang titingin sa mapa _______________ nagmamaneho si Gary.

7. Maaari tayong tumawid _______________ berde na ang ilaw.

8. Alin dito ang dadalhin mo bukas, ang itim na pantalon _____________ ang bagong maong?

9. Lapis, pambura _______________ pantasa lang ang kailangan kong dalhin sa pagsusulit.

10. Magaling siya maglaro ng basketbol ______________ mas gusto niya ang paglalangoy.

11. Basa ang sahig ng pasilyo ______________ nadulas ang bata.

12. Umiiyak ang bata __________________ tinutukso siya ng mga kalaro niya.

13. Naglaro kami ng basketbol sa labas __________________ tinawag kami ni Tatay.

LIVEWORKSHEETS

14. Nagising si Marco __________________ tumilaok ang manok.

15. ________________ natulog ang mga anak niya, nagbasa siya ng kuwento para sa kanila.

16. Sasama ako sa inyo manood ng sine __________________ papayagan ako ni Nanay.

17. Marami ang kakainin ko ________________ hindi ako magutom sa mahabang biyahe.

18. Pinagalitan ang mga mag-aaral _________________ hindi sila ang nagsimula ng away.

19. Wala kang ginagawa diyan _________________ kanina pa abalang-abala sa pagluluto ang nanay mo.

20. Maghanda na tayo ng mga kandila at baterya para sa plaslayt _______________ malapit na ang bagyo.

**II. Punan ang patlang ng tamag pang-angkop. (ng, na, at g)**

21. Nauuna ang pula________ kotse sa karera.

22. May mga bahay________ bato na nakatayo pa sa Vigan.

23. Limandaan_____ piso ang sinukli sa kanya ng kahera.

24. Nasuot mo na ba ang damit _____ regalo ng ninang mo?

25. Si Myra ay takot pumasok sa madilim ______ silid.

26. Ang Qatar ay isa sa mga pinakamayaman________ bansa sa buong mundo.

27. Ang matamis _______ mangga ng Pilipinas ang paborito kong prutas.

28. Masyado_______ matao ang mga mall tuwing malapit na ang Pasko.

29. Dahil sa mataas na lagnat, dinala siya sa pinakamalapit ________ ospital.

30. Napakaganda ng ginto______ singsing ng reyna!

31. May makapal ______ kumot sa loob ng luma______ kabinet.

32. Bumili tayo ng mga sariwa______ gulay mamaya_______ hapon.

33. Sa mahiyain_______ bata ibinigay ang bago________ laruan.

34. Hinuli ng dalawa________ pulis ang lalaki_______ magnanakaw.

LIVEWORKSHEETS

35. Masagana_______ ani ang isa sa mga biyaya ng taon_______ nakalipas.

36. Napakarami_______ tao ang nanood ng pelikula ng sikat ________ artista.

37. Ang bata ________ inaantok ay humiga sa malambot _______ unan.

38. T-shirt _______ puti at maong ang karaniwan_______ suot ng mga mag-aaral.

39. Si Tina ay may buhok ________ mahaba at nakasuot ng puti_________ uniporme.

40. Marami________ kanin ang gusto ko kapag masarap ________ ulam ang nakahanda.

41. Bumili ako ng masarap _______ almusal.

42. Nakatulog kaagad si Tatay dahil sa sobra______ pagod sa trabaho.

43. Ang tunay _________ kaibigan at matapat at maunawain.

44. Dahan-dahan______ naglakad ang bata palabas ng bahay.

45. Mahilig magbasa ______ mga kuwentong bayan ang magkapatid.

46. Kailangan ko _________ matibay na sapatos.

47. Iligpit ______ natin ang mga natirang pagkain sa mesa.

48. Ang matamis ________ tagumpay ay nakamit nila dahil sa pagtitiyaga.

49. Si Benjamin ang ikalawang anak ni Gina____ Garcia.

50. Inayos mo na ba ang telebisyon _______ sira?

**III. Ilagay sa patlang kung ito ay pang-uri o pang-abay. ( 2 puntos)**

51. ___________ Ang tirahan ng mga hayop sa kagubatan ay **mapayapa**.

52___________ Ang mga hayop ay **mapayapang** naninirahan sa kagubatan.

53. ___________ Minahal niya nang **wagas** ang kanyang inang-bayan.

54. ___________ Ang pagmamahal niya sa kanyang inang-bayan ay **wagas**.

55. ___________ **Mahigpit** na yinakap ng ina ang kanyang mga anak.

56. ___________ **Mahigpit** ang yakap ng ina sa kanyang mga anak.

57. ___________ Ang lalaking nagnakaw ng bag ay **nagmamadali**.

58. ___________ **Nagmamadaling** lumabas ang lalaking nagnakaw ng bag.

LIVEWORKSHEETS

59. ____________ **Nakatutuwang** alalahanin ang bakasyon natin noong isang taon.

60. ____________ Naalala ko ang **nakatutuwang** bakasyon natin noong isang taon.

LIVEWORKSHEETS